# 92 out-of-school youth at drop-out nagtapos sa tulong ni Joy B

Nakapagtapos ng libreng kurso sa Quezon City Community College (QCCC) katulong ang Ateneo Center for Educational Development (ACED) ang nasa 92 out-of-school youth at drop out na sa tulong ni QC Mayor elect Joy Belmonte.

Tumanggap ang mga ito ng Certificate of Completion matapos ang 10 buwang pagsasanay sa automotive, cookery, food at beverage service, welding training, bread at pastry baking.

Pinangunahan ni Belmonte ang okasyon kasama sina ACED Director Carmela Oracion at Quezon City Schools Division Superintendent Dr. Natividad Bayubay.

"There are about 100,000 out-of-school youth in Quezon City. Many of them are not able to go to school because of financial problems and setbacks, then eventually settle for low-paying jobs where they are not able to realize their full potential. QCCC wants to change that," sinabi ni Belmonte.

Karamihan sa mga benepisyaryo ng programa ay mga batang ina, dropouts at mga magulang na hindi nakapagtapos ng kanilang pag-aaral.

"Sa pamamagitan ng QCCC, hindi lang sila nabibigyan ng mga kakayahang teknikal na makatutulong sa kanila upang makahanap ng mabuting trabaho. Tinuturuan din sila ng mga life skills upang mabigyan sila ng dagdag na kumpyansa sa kanilang hanapbuhay," wika ni Belmonte. ***-Angie dela Cruz-***